Tagalog

# Aplikasyon sa IDNYC
## Para sa Mga Aplikanteng Edad 10-13

**Ang Numero ng Aking IDNYC ay:** ☐☐☐☐☐☐☐☐☐☐☐☐☐☐
Paki-sulat nang malinaw

### URI NG APLIKASYON - PUMILI NG ISA

**Bagong Aplikasyon:** ☐ Unang Aplikasyon sa IDNYC. ☐ Ang card ay nawalan ng bisa higit sa 6 na buwan na ang nakararaan.

☐ **Pagpapalit:** (Ang card ay mawawalan ng bisa sa loob ng 60 araw o nawalan ng bisa nang wala pang 6 na buwan ang nakararaan.)

☐ **Panibagong Aplikasyon:** (Hindi nakatanggap ng card at kailangang mag-apply muli.)

☐ **I-update ang Card: Kailangan kong mag-update ng impormasyon sa aking card.** (Kailangang dalhin ang lipas na IDNYC card sa Sentro ng Pagpapatala.)

☐ **Palitan ang Card: Nawala/nanakaw/napinsala/nasira** (Mayroong $10 na bayad sa pagpapalit maliban na lamang kung may pinirmahang waiver sa pagkakahirap. Maaari kang magbayad online bago isumite ang aplikasyon na ito. Para magbayad nang personal, kailangang magsumite ng aplikasyon para sa pagpapalit sa isang Sentro ng Pagpapatala ng IDNYC na matatagpuan sa tanggapan ng Kagawaran ng Pananalapi. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa www.nyc.gov/idnyc.)

### IMPORMASYON NG APLIKANTE

**1. Pangalan:** ____________________

**2. Gitnang Pangalan o Inisyal:** ____________________

**3. (Mga) Apelyido:** ____________________

**4. Petsa ng Kapanganakan:** M M / D D / Y Y Y Y

**5. Kulay ng Mata** KULAY-KAPE ☐ HAZEL ☐ ITIM ☐ ASUL ☐ BERDE ☐ ABO ☐ IBA-IBA ☐

**6. Taas:** ☐ FEET ☐☐ INCHES

**7. Kasarian:** BABAE ☐ LALAKI ☐ X (HINDI BABAE O LALAKI) ☐ HINDI NAKATALAGA ☐

**8. Email:** ____________________ **9. Telepono:** ☐☐☐ - ☐☐☐ - ☐☐☐☐

Ang iyong email/telepono ay gagamitin para sa mga layuning panloob lamang

**10. Piniling Wika** (Kabilang ang ASL) Hanggang sa 2: ____________________

### ADDRESS

☐ I-tsek ito ✓ kung **HINDI MO GUSTO** ilagay ang address sa card.

**11. Numero at kalye:** ____________________ Apt. # / Fl. / Ste. / Unit / Rm. ________

**Lungsod:** ____________________ **Estado:** N Y **Zip Code:** ☐☐☐☐☐

**Borough** (✓i-tsek ang isa): BRONX ☐ BROOKLYN ☐ MANHATTAN ☐ QUEENS ☐ STATEN ISLAND ☐

**12. Magtalaga ng Emergency Contact sa Card (Kinakailangan):**

____________________ PANGALAN ____________________ APELYIDO

**Telepono:** ☐☐☐ - ☐☐☐ - ☐☐☐☐

### TAGAPAG-ALAGA

**13. (Mga) Pangalan:** ____________________

**14. Gitnang Pangalan o Inisyal:** ____________________

**15. (Mga) Apelyido:** ____________________

**16. Email:** ____________________ **17. Telepono:** ☐☐☐ - ☐☐☐ - ☐☐☐☐

Ang iyong email/telepono ay gagamitin para sa mga layuning panloob lamang

### SERTIPIKASYON NG MAGULANG O LEGAL NA TAGAPANGALAGA

**18 a.** Ipinagtitibay ko na ako ang magulang o legal na tagapangalaga ng aplikante; na naninirahan ang aplikante sa Lungsod ng New York; at na lahat ng isinumiteng dokumento at ang mga pahayag sa aplikasyon na ito ay totoo sa abot ng aking kaalaman. Pinapatotoo ko na sa pamamagitan ng paglagda ng aplikasyong ito ay sumasang-ayon ako sa imbestigasyon na isasagawa ng Lungsod ng New York para beripikahin o kumpirmahin ang anumang naisumiteng impormasyon. Naiintindihan ko na maaaring kabilang sa imbestigasyong ito ang pag-access ng IDNYC ng ilang impormasyon tungkol sa aplikante at/o sa aking sarili mula sa Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan ng NYC o iba pang ahensya ng Lungsod, kabilang ngunit hindi limitado sa impormasyon sa pampublikong tulong.

____________________
LAGDA NG MAGULANG O LEGAL NA TAGAPANGALAGA

**Dumedepende ang pag-apruba ng aplikasyon sa kasapatan at pagkalehitimo ng mga isinumiteng dokumento.**

### SERTIPIKASYON NG TAGAPAG-ALAGA NA HINDI MAGULANG O LEGAL NA TAGAPANGALAGA NG APLIKANTE

**18 b.** Ipinagtitibay ko na ako ang tagapag-alaga ng aplikante; na naninirahan ang aplikante sa Lungsod ng New York; at na lahat ng isinumiteng dokumento at ang mga pahayag sa aplikasyon na ito ay totoo sa abot ng aking kaalaman. Pinapatotoo ko na sa pamamagitan ng paglagda ng aplikasyong ito ay sumasang-ayon ako sa imbestigasyon na isasagawa ng Lungsod ng New York para beripikahin o kumpirmahin ang anumang naisumiteng impormasyon kaugnay ng aking pagkakakilanlan at/o paninirahan. Naiintindihan ko na maaaring kabilang sa imbestigasyong ito ang pag-access ng IDNYC ng ilang impormasyon tungkol sa akin mula sa Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan ng NYC o iba pang ahensya ng Lungsod, kabilang ngunit hindi limitado sa impormasyon sa pampublikong tulong.

____________________
LAGDA NG TAGAPAG-ALAGA

M M / D D / Y Y Y Y
**Petsa Ngayon**

| **OFFICIAL USE ONLY** | Date: <br> Print Initials: | ☐ C/O: ____________ NAME OF CARE-OF ORGANIZATION | ☐ Omit Address |
|---|---|---|---|

# Mga Tagubilin sa Aplikasyon ng IDNYC

## KAILANGAN MONG MATUGUNAN ANG MGA SUMUSUNOD NA TUNTUNIN PARA MAG-APLAY NG IDNYC CARD:

1. Hindi bababa sa 4 na puntos ng mga dokumento, kabilang ang hindi bababa na 3 puntos na nagpapatibay ng pagkakakilanan at hindi bababa ng 1 puntos na nagpapatibay ng paninirahan.
2. Dapat may litrato ang hindi bababa sa 1 sa mga dokumento, maliban na lamang kung may kasamang tagapag-alaga ang aplikante.
3. Dapat kabilang ang petsa ng kapanganakan sa hindi bababa sa 1 sa mga dokumento na isinumite.

Hindi tatanggap ng pasong dokumento maliban na lamang kung partikular na nabanggit sa Gabay ng Dokumento ng IDNYC. Tanging orihinal na mga dokumento at mga kopya na may sertipikasyon ng nagbigay na ahensya ang tatanggapin; ang mga ni-laminate na dokumento ay tatanggapin lamang kung orihinal na itong naka-laminate noong ipinagkaloob.

## PAGKAKAPAREHO NG MGA PANGALAN

Dapat pare-pareho ang mga pangalang nakasulat sa lahat ng iyong dokumento. Ang pangalang nakalagay sa iyong aplikasyon sa IDNYC ay dapat na pareho sa nakalagay sa iyong pinakamahalagang patunay ng pagkakakilanlan (gaya ng iyong pasaporte, lisensiya sa pagmamaneho, sertipiko ng kapanganakan, ID ng konsulado, atbp.) maliban kung magbibigay ka rin ng utos ng hukuman, sertipiko ng kasal, o iba pang dokumentong mula sa pamahalaan na nagpapatibay sa legal na pagbabago ng pangalan. Sa pagkakataong magpepresenta ang aplikante ng dalawang dokumento ng pagkakakakilanlan na may katumbas na magkapantay na halaga ng puntos, kailangang ipakita ng aplikasyon ng IDNYC ang pangalan sa dokumento na may kasamang litrato.

## MGA APLIKANTENG EDAD 10-13

Ang pinakabatang edad na tinatanggap sa pagaaplay ng IDNYC card ay 10. Ang lahat ng aplikante na 10-13 ay kailangang mag-aplay na may kasamang tagapag-alaga na pipirma sa aplikasyon. Dapat magbigay ng emergency contact at maaaring tanggalin ang address sa card.

## MGA APLIKANTENG MAY KAPANSANAN NA WALANG PAGKAKAKILANLAN SA LITRATO O PATUNAY NG PANINIRAHAN

Anuman ang edad, maaaring mag-aplay ang aplikanteng may kapansanan na walang pagkakakilanlan sa litrato o patunay ng paninirahan kung may kasamang tagapag-alaga na makapaglalabas ng katibayan ng relasyon sa aplikante. Kabilang sa mga kwalipikadong tagapag-alaga para sa mga aplikante ng anumang edad ang: **mga awtorisadong empleyado** ng Tanggapan para sa mga Taong may Kapansanan sa Pag-unlad (OPWDD), ang Kagawaran ng Kalusugan ng NYS (NYS DOH), ang Tanggapan para sa Kalusugang Pang-isipan ng Estado ng New York (NYS OMH), ang Kagawaran ng Kalusugan at Katiwasayan ng Pag-iisip ng NYC (NYC DOHMH), ACS, ahensya ng foster care na may pagtatalaga ng ACS, o provider ng OPWDD, NYS DOH o NYC DOHMH, kabilang ang **mga empleyado ng mga pasilidad ng pamamahalang pangtahanan** na pinamamahalaan, sertipikado, lisensyado o pinopondohan ng OPWDD, NYS OMH, NYS DOH o NYC DOHMH; **mga kasama sa tahanan ng aplikante** na tinukoy ng OPWDD bilang indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad; o isang Kinatawang Tagatanggap ng Mga Benepisyo sa Social Security (Social Security Representative Payee) ng aplikante.

## LAHAT NG APLIKANTENG MAG-AAPLAY KASAMA ANG TAGAPAG-ALAGA

Ang aplikante na maga-aplay kasama ang tagapag-alaga ay kailangang magbigay ng hindi bababa sa 2 puntos ng dokumento na nagpapatibay ng pagkakakilanlan, kabilang ang petsa ng kapanganakan. Kailangan ring magbigay ng aplikante at tagapag-alaga ng katibayan ng Relasyon sa Tagapag-alaga na nakalista sa seksyon sa tagapag-alaga sa Gabay sa Dokumento ng IDNYC. Kailangang magbigay ng tagapag-alaga ng hindi bababa sa 3 puntos ng dokumento na nagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlan, kabilang ang pagkakakilanlan sa litrato. Kung walang patunay ng paninirahan ang aplikante at naninirahan siya kasama ang tagapag-alaga, maaaring ipagtibay ng tagapag-alaga ang sarili nilang patunay ng paninirahan gamit ang isa sa mga dokumento ng paninirahan na nakalista sa Gabay sa Dokumento ng IDNYC at magbigay ng pagpapatunay na nagsasaad na naninirahan ang aplikante kasama ang tagapag-alaga. Dapat pumirma ang lahat ng tagapag-alaga sa aplikasyon ng IDNYC. Ang mga empleyado na kumikilos bilang tagapag-alaga ay dapat magpresenta ng kanilang ID ng pagiging empleyado.

## TIRAHAN PARA SA MGA APLIKANTENG WALANG TIRAHAN O NAKALIGTAS MULA SA KARAHASAN SA TAHANAN

Ang isang aplikante na naninirahan sa bahay-kanlungan ay maaaring magbigay ng liham kasama ang address ng bahay, na nagsasaad na naninirahan sila roon ng hindi bababa sa 15 araw at na pumapayag ang bahay na manatili ang mga residente para sa hindi bababa ng 30 araw. Ilalagay ang address ng bahay-kanlungan sa card. Ang aplikante na walang address ng tirahan o nakaligtas mula sa karahasan sa tahanan ay kinakailangang magpatunay ng paninirahan sa loob ng Lungsod ng New York, ngunit maaari silang magtalaga ng isang walang-pakinabang na kapisanan o relihiyosong institusyon na ang address ay ilalagay sa card bilang care-of address ng aplikante; o, maaaring tanggalin ang address sa card. Maaaring hindi tanggapin sa ibang sitwasyon ang mga IDNYC card na walang nakalagay na address, o may nakalagay na care-of address.

Ang isang aplikante na magbibigay ng patunay na sila ay bahagi ng Programa ng Kumpidensyalidad ng Address ng NYS o nakatira sa isang bahay-kanlungan ng NYC para sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan ay kailangan ring magpatunay na naninirahan sila sa Lungsod ng New York. Maaaring nakalagay sa kanilang IDNYC card ang P.O. Box, o walang anumang address.

## PAG-RENEW NG IDNYC CARD

Maaaring magpa-renew ng mga IDNYC Card simula 60 araw bago ang pagkawala ng bisa ng card. Nagsisimula ang panahon ng pag-renew 60 araw bago ang pagkawala ng bisa ng card at natatapos 6 na buwan pagkatapos nito. Ang isang indibidwal na humihiling ng card pagkatapos ng higit pa sa 6 na buwan pagkatapos ng pagkawala ng bisa ng dating card ay ituturing bilang bagong aplikante. Mangyaring bumisita sa isang Sentro ng Pagpapatala ng IDNYC para sa tulong sa mga pagpapa-renew ng card.

## MGA KAPALIT NA CARD

Mayroong $10 na bayad para sa isang aplikasyon para palitan ang isang nawala, nanakaw, or nasirang card, maliban na lamang kung pumirma ang aplikante ng hardship waiver o may opisyal na dokumentasyon na nagpapatunay na nanakaw ang kanyang card. Dapat bayaran sa isang Sentro ng Pagpapatala ng Kagawaran ng Pananalapi ng IDNYC ang mga kabayaran para sa mga pamalit na card.

NYC